RISE AND FALL



# Mga Tagumpay at Pagkatalo

## NOTES

## WARM-UP

- Ibahagi ang pinakamalaking pagsubok na kinaharap mo nang nakaraang linggo. Paano mo ito napagtagumpayan?
- Ano ang paborito mong pagkain? Ano ang handa kang gawin para makuha ito? Bakit handa kang gawin ito para sa pagkain?
- Sa tuwing humaharap ka sa isang problema, mabilis ba ang iyong tugon, o madalas ba ay nahihirapan kang alamin ang dapat mong gawin? Balikan ang isang sitwasyon na nangyari kamakailan lamang na nagpapakita nito.

## WORD

[1]*Nang panahong pumupunta ang mga hari sa digmaan para makipaglaban, hindi sumama si David at nagpaiwan lang siya sa Jerusalem. Sina Joab, ang mga opisyal niya, at ang lahat ng mga sundalo ng Israel ang pinapunta niya sa labanan. Tinalo nina Joab ang mga Ammonita at sinakop ang Rabba.* [2]*Magdadapit-hapon noon, nang bumangon si David at naglakad-lakad sa patag na bubungan ng palasyo. Habang nakatingin siya sa ibaba, may nakita siyang isang magandang babaing naliligo.* [3]*Nag-utos si David na alamin kung sino ang babaing iyon. Napag-alaman niyang ang babae ay si Batsheba, anak ni Eliam at asawa ni Uria na Heteo.*
**2 SAMUEL 11:1-3**

(Basahin din ang 2 Samuel 11.)

---

Si David ay kilala bilang pinakadakilang hari ng Israel. Mahal niya ang Diyos at pinamunuan niya ang mga mamamayan ng Diyos ng may mabuting puso at mahusay na kakahayan. (Mga Salmo 78:72). Subalit, ang isa sa pinakamalaki niyang pagkakamali ay ang pangangalunya. Sa ating binasa, nakita natin na dapat ay nakikipaglaban sa digmaan si David, subalit siya ay naiwan sa kanyang palasyo. Ito ay nagbunga ng kanyang pagkatukso at paggawa ng pagkakasala. Sa parehong paraan, ang ating mga pinipili at mga desisyon – kung hindi ito makapagbibigay karangalan sa Diyos – ay maaaring magdala sa atin sa kasalanan at maging sanhi ng ating pagbagsak. Sa araling ito, ating titignan ang tatlong katotohanan tungkol sa tukso at kung papaano tayo maka-iiwas dito.

## 1 Ang tukso ay tunay.

*Natutukso ang isang tao kapag nahihikayat siya at nadadala ng sariling pagnanasa.* **SANTIAGO 1:14**

Gaya ng pagkatukso na naranasan ni David nang makita niya si Batsheba, tayong lahat ay makararanas din ng tukso. Ang tukso ay tunay, kadalasan ay kaakit-akit, at  maaaring magdala sa atin sa patibong ng kasalanan. Batay sa berso na ito, ano ang nanghihikayat at nagdadala sa atin sa pagkatukso?

..........

..........

..........

..........

## 2 Ang tukso ay maaaring magbunga ng kasalanan.

*At kung susundin niya ang pagnanasa niya, magbubunga ito ng kasalanan; at kung magpapatuloy siya sa kasalanan, hahantong ito sa kamatayan.* **SANTIAGO 1:15**

Ang pagnanasa ni David ay nagtulak sa kanya na kilalanin si Batsheba, at ipinatawag niya ito. Ang pagnanasa na ito ay nagbunga ng kasalanan: isang immoral na relasyon, isang pagtatakip sa pangangalunya, at isang pagpatay na iniutos ni David. Bagama't ang tukso ay hindi kasalanan, ito ay maaaring magbunga ng kasalanan, na masama sa paningin ng Panginoon (2 Samuel 11:27). Ano ang kahihinatnan ng kasalanan? Ano ang mga bunga ng kasalanan ni David (2 Samuel 12:10-14)?

## 3 May pararaan upang tayo ay makatakas sa tukso.

*Walang pagsubok na dumarating sa inyo na hindi naranasan ng ibang tao. Ngunit maasahan natin ang pangako ng Diyos na hindi niya tayo pababayaang subukin ng higit pa sa ating makakaya. Kaya kung dumaranas kayo ng pagsubok, gagawa siya ng paraan para mapagtagumpayan ninyo ito.* **1 CORINTO 10:13**

Ang tukso ay hindi kinakailangang magbunga ng kasalanan. Bilang mga Kristiyano, sa tuwing tayo ay matutukso, maaari natin itong mapagtagumpayan. Hindi ito dahil sa ating sariling kalakasan o pamamaraan. Bagkus, ito ay dahil sa katapatan at kakayahan ng Diyos, dahil sa Siya ang gagawa ng paraan para mapagtagumpayan natin ito. Balikan ang isang pagkakataon kung saan tinakbuhan mo ang tukso. Ano ang nangyari sa sitwasyong ito?

## APPLICATION

- Sa anong bahagi ng iyong buhay ka madalas nakararanas ng tukso? Ano ang mga paraan na ginawa ng Diyos upang mapagtagumpayan mo ito? Paano mo magagawang mapagtagumpayan ang tukso ngayong linggo?
- May kasalanan ba na kailangan mong ihayag at talikuran? Handa ka bang talikuran ito? Naniniwala ka bang mapapatawad ka ng Diyos? Maglaan ng oras para pag-aralan ang Mga Salmo 51 ngayong linggo.
- Mag-isip ng isang miyembro ng iyong pamilya o kaibigan na kasalukuyang nakakaranas ng pasubok o kaya ay tukso. Paano mo mapalalakas ang kanyang loob? Hingin sa Diyos na bigyan siya ng daan palayo sa mga ito.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang katapatan at pagpapala sa iyong buhay. Pasalamatan Siya sa pagpapatawad ng iyong mga kasalanan at hindi paggamit sa mga ito laban sa iyo dahil sa ginawa ni Jesus sa krus.
- Hingin sa Diyos na bigyan ka ng daan upang maka-iwas sa tuwing ikaw ay natutukso. Ipanalangin na hindi ka magpapadala sa tukso at sa halip ay lalayo ka dito.
- Ipanalangin na ang iyong buhay ay maging isang patotoo sa kabutihan ng Diyos. Ipanalangin na magagawa mong matulungan ang iba na lumayo rin sa tukso.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph